Radyo Bandera 107.1 FM Olongapo City
January 24 ·

LIBRENG FLOOD CONTROL PROJECT MULA SA TEKNOLOHIYA NG BANSANG ALEMANYA, GAGAWIN SA ISANG HOSPITAL SA BATAAN ULAT NI ROEL TARAYAO

Lubos na pinasalamatan ni Governor Albert Garcia ang pamahalaan ng Germany at sa Flood Control Asia RS Corporation, matapos mapili bilang benepisaryo ng libreng proyekto ang Jose C. Payumo Memorial District Hospital (JCPMDH) sa kanilang isasagawang proyekto ng Flood Control sa Dinalupihan na naglalayong gawing flood-free ang nasabing pagamutan.

Nitong ika-22 ng Enero, kasama si Dinalupihan Mayor Gila Garcia, personal na binisita nina German Ambassador to the Philippines Her Excelency Anke Reiffenstuel at Flood Control Asia RS Corporation President at Chief Executive Officer (CEO) Dr. Andreas Klippe na kung saan ay inilahad ni Dr. Klippe ang mga detalye ng isasagawang proyekto ng flood control sa naturang hospital na gamit ang modernong teknolohiya mula sa Alemanya na layuning maprotektahan ito sa mga posibleng pagbaha dulot ng kalamidad ng mga bagyo lalo na sa pagsapit ng panahon ng tag-ulan.

Lumagda sa kasunduan sina Governor Abet Garcia, Mayor Gila Garcia, Dr.Klippe at Ambassador Reiffenstuel para sa katuparan ng nasabing proyekto na isasagawa sa nalalapit na panahon.

Kasunod ng paglagda sa kasunduan, isinagawa ang isang pulong balitaan (Press Conference) na dinaluhan ng mga lokal na mamamahayag sa lalawigan.

Ayon kay Governor Garcia, malaki ang maitutulong ng makabagong teknolohiya na gagamitin sa nasabing proyekto sa Pamahalaang Panlalawigan sa paglutas sa mga pangunahing sanhi ng pagbaha lalo na sa mga baybaying lugar sa lalawigan.

LARAWAN KUHA NI ROEL TARAYAO



RS.PH.80.41.0152_v1.1